



Patalastas Bilang 11, s. 2017

PATALASTAS

SA : LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO

PAKSA : Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2017

Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mangunguna sa pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** na idinaraos tuwing 1-31 Agosto. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *FILIPINO: WIKANG MAPAGBAGO*.

Ang layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:

- a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
- b. Mahikayat ang iba't-ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
- c. Maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Malugod na hinihikayat ang suporta at pakikilahok ng mga kinaukulan sa mga gawain at programa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Para sa karagdagang detalye o impormasyon, maaring makipag-ugnayan kay **John Enrico C.Torralba** sa telepono bilang (02) 736-2519 o mag-email sa komfil@kwf.gov.ph o komisjonsawikangfilipino@gmail.com.


ALICIA dela ROSA-BALA
Chairperson

05 APR 2017

Bawat Kawani, Lingkod Bayani